REBOLUSYONARYONG PAHAYAGAN NG MINDORO

TOMO XII - ISPESYAL NA ISYU

ABRIL 24, 2023

# Mamamayang Mindoreño, tanganan ang sulo ng demokratikong rebolusyong bayan sa ginintuang anibersaryo ng National Democratic Front of the Philippines!

Mensahe ng pakikiisa ng NDFP-Mindoro
sa ika-50 anibersaryo ng NDFP

**Nakikiisa sa pagdiriwang ang rebolusyonaryong mamamayan sa isla ng Mindoro sa okasyon ng ginintuang anibersaryo ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP)!**

Binabati ng NDFP-Mindoro ang kasapi ng mga pambansa demokratikong organisasyon sa buong bansa sa patuloy nilang pagsisikhay na isulong ng programa ng NDFP kahit sa harap ng tumitinding bangis ng estado na naghahatid ng ibayong sakripisyo at kahirapan sa buong kasapian at masang Pilipino.

Binibigyang pugay ng NDFP-Mindoro, sampu ng mga alyadong organisasyon sa ilalim nito, ang lahat ng mga Pulang mandirigma at kumander ng NPA, sa ubos-kayang pagtalima nila sa tungkuling padagundungin ang armadong pakikibaka na pinakamataas na anyo ng kolektibong pampulitikang aksyon ng sambayanan upang wakasan ang tatlong salot na nagbunsod ng pagiging malakolonyal at malapyudal ng bansa.

Makatarungan ang mag-armas upang ibagsak ang sistemang ito at palitan ng estadong tunay na makatarungan at progresibo.

Sa okasyong ito, ginugunita at binibigyan din natin ng pinakamataas na parangal at pagpupugay ang lahat ng rebolusyonaryong martir na nag-alay ng kanilang buhay sa pakikibaka upang makamit ang tunay na kalayaan at demokrasya.

Iginagawad ng NDFP-Mindoro ang pinakamataas na parangal kina Kasamang Misael "Ka Horik/Ka Jorah" Ongtangco, Irene "Ka Gisel" Carias at Roberto "Ka Owen" Halig. Sila ang pinakahuling martir ng rebolusyon sa isla ng Mindoro sa taong 2022.

Natatanging pinakamataas na parangal at pagpupugay ang inilalaan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Mindoro kay Kasamang Jose Maria "Ka Joma" Sison, tagapangulong tagapagtatag ng Partido Komunista ng Pilipinas - Marxismo - Leninismo - Maoismo (PKP-MLM) at Chief Political Consultant ng NDFP sa usapang pangkapayapaan, na pumanaw ilang araw bago ang ika-54 anibersaryo ng mahal nating Partido.

Walang kapantay ang dakilang ambag ni Ka Joma sa pagsindi ng mitsa ng bagong tipo ng pambansa-demokratikong rebolusyon na niyakap




nang mahigpit at isinusulong nang buong tatag ng mamamayang Mindoreño.

Pinararangalan din ng NDFP-Mindoro sina Kasamang Benito "Ka Laan" Tiamzon at Kasamang Wilma "Ka Bagong-Tao" Austria Tiamzon, mga pinakamamahal na kadre at lider ng PKP-MLM at political consultant ng NDFP.

Walang habas at pataksil silang pinaslang ng berdugo at mamamatay-taong ilehitimong rehimeng US-Marcos II noong Agosto 2022. Nagngingitngit man at nagpupuyos ng makauring galit, nagsisilbing inspirasyon sa mamamayang Mindoreño ang kanilang buhay at pakikibaka.

Nakahanda ang NDFP-Mindoro na tanganan ang naiwang tungkulin ng mga martir at iabante sa mas mataas na antas ang makauring digma.

Nagpupugay ang NDFP-Mindoro kay Kasamang Jaime "Ka Diego" Padilla, isa sa mga tagapagpundar ng mga larangang gerilya sa Mindoro at naging tagapagsalita ng Melito Glor Comand- NPA Southern Tagalog na patuloy pang nakabinbin sa kulungan sa San Jose, Occidental Mindoro sa kabila ng karamdaman at edad.

Pinalalakas ang NDFP ng pagkakaisa ng lahat ng uring api at pinagsasamantalahan upang lansagin ang tatlong salot ng lipunan at hawanin ang daan sa paglitaw ng demokratikong gobyernong bayan na tumutuguon sa karaingan ng sambayanan.

Nasa bag-as ng pagkakaisang ito ang uring manggagawa at magsasaka na bumubuo ng 90% ng populasyon ng bansa. Katuwang din sa rebolusyon ang petiburgesya bilang bahagi ng saligang pwersa ng rebolusyon at ang mga pambansang burgesya bilang mga positibong pwersa. Binubuo ng mga inaping uring ito ang 99% ng populasyon. Nilalabanan ng pinagsamang lakas na ito ang isang posyento ng mga mapagsamantalang uri sa lipunan na binubuo ng malalaking burgesya-kumprador at panginoong maylupa na siyang kakutsaba ng imperyalismong US at China sa pandarambong ng ating likha at likas na yaman.

Mula nang ihatid ang apoy ng rebolusyon sa Mindoro ng makabayang kabataang sina Rey Andal matapos na ipataw ang Batas Militar ng rehimeng Marcos Sr, hindi na naapula ang pagsiklab ng rebolusyonaryong diwa sa puso ng mamamayang Mindoreño.

Sa limang dekadang pakikibaka ng mamamayang Mindoro sa linya ng pambansa-demokratikong rebolusyon, nakamit natin ang napakaraming tagumpay na lumikha ng isang matatag na prente na nagsusulong ng adhikain ng mamamayan. Paulit-ulit nating binigo ang kampanyang panunupil ng bawat nagdaang rehimen sa kabila ng kanilang mas pinaunlad na armas at kagamitang pandigma at mas matinding operasyong militar at saywar.

Dahil wasto ang ating linya, nagkakaisa at niyayakap ng uring api sa isla ng Mindoro ang isinusulong na makatarungang digma. Ginagawa nila ang kanilang ganang kaya upang magpunyagi sa kabila ng napakaraming kahirapan, limitasyon at mga sakripisyo.

Sa pag-igting ng krisis panlipunan at pang-ekonomya at pagsahol ng pasismo ng reaksyunaryong estado, nalilikha ang matabang lupa upang higit na iabante ang pakikidigma at ikambyo pa sa mas agresibong antas ang pagpapalawak at pagpapatatag sa demokratikong organisasyon ng mamamayan.

Sa ginintuang taon ng NDFP, nahaharap ang sambayanang Pilipino at mamamayang Mindoreño sa isang ginintuang pagkakataon na kailangang sagpangin. Upang maisakatuparan ito, kinakailangan ang ibayong tatag, tapang, at determinasyon ng lahat ng alyadong organisasyon sa ilalim ng NDFP-Mindoro upang abutin ang walang kaparis na paglawak at paglalim ng rebolusyonaryong base na magtitiyak ng paglakas ng ating kilusan.

Ibang klaseng krisis at kagutuman ang tumatambad sa mamamayang Mindoreño sa pananatili ng ilehitimong rehimeng US-Marcos II sa estado poder. Patuloy pa rin ang pagsirit ng presyo ng pangunahing bilihin. Subalit sadsad naman ang kabuhayan ng magsasakang Mindoreño dahil sa neoliberal na patakarang ipinapatupad ng rehimen.

Iniinda ng higit 13,000 mangingisdang Mindoreño ang kawalan ng hanapbuhay dahil sa pagbawal na mangisda resulta ng oil spill matapos lumubog ang MT Princess Empress na sumira sa karagatan at baybay dagat na nakapalibot sa mga bayan sa Oriental Mindoro.

Nananatiling bulok ang serbisyong sosyal. Danas ng mamamayan ang pinsala mula sa krisis sa kuryente na umaabot nang 20 oras bawat araw sa Occidental Mindoro kung kaya naobliga nang isara ang mga paaralan, aktibidad pangkabuhayan at mahahalagang establisimyento dahil sa kawalan ng kuryente.

Ramdam ang kawalan o paimbabaw na malasakit ng gobyerno sa mga biktima ng sunud-sunod na natural na kalamidad na tumama sa isla at kawalan ng sapat na ayuda para sa rehabilitasyon at tulong sa mga napipinsala ng sakuna.

Pumapatong ito sa kawalan ng lupa, pananalasa ng anti-magsasakang Rice Tarrification Law, kakapusan ng batayang serbisyo at pasilidad at pandarambong ng ating likas na yaman. Isang matingkad na palatandaan ng kahirapan sa kabila ng mayaman sa likas na yaman ng Mindoro, ang malnutrisyon sa hanay ng mga bata at pagdami ng hindi nakakapag-aral at bumababang kalidad ng pamumuhay dahil sa kakulangan sa kita at hanapbuhay.

Sa kabila ng nagugutom na mamamayan, ibinuhos ng utak-pulburang rehimen ang naglalakihan nitong pondo sa pagpapalipad ng mga Blackhawk helicopter, pagsasagawa ng weapons testing, pag-istraping, at panganganyon na nagdala ng kamatayan, sakit at labis na takot sa mga mamamayan sa kapatagan at kabundukan ng dalawang probinsya ng isla.

Patuloy pa rin ang pananalasa ng RTF-ELCAC sa seguridad at buhay ng mamamayang Mindoreño. Makahayop na ipinailalim ng berdugong rehimeng Marcos II ang mamamayang Mindoreño sa mas matinding kampanyang supresyon.

Asahan ding iikutan ng dayuhang kumpanya at mga lokal na kakutsaba nito ang 25 taong moratorium sa mina sa pagsandal nila sa Provincial Order 145-2022 na inilabas ng reaksyunaryong lokal na gubyerno ng Oriental Mindoro.

Laway na laway ang mga dayuhan at lokal na mapagsamantalang uri sa yamang mineral sa isla. Gumugulong na rin ang proyektong ekoturismo tulad ng Tamaraw Reservation and Expansion Project (TREP) sa kapinsalaan ng katutubong Buhid at Bangon. Nakaambang palayasin ang mga Mindoreño sa sarili nilang lupa alang-alang sa kita at dayuhang pandarambong.

Samantala, hindi rin ligtas ang isla ng Mindoro sa nilulutong digma ng imperyalistang kapangyarihan ng US at China na parehong yumuyurak sa dangal at soberanya ng mga Pilipino ang nagwawasiwas ng kanilang mapanakop at mapandigmang postura sa loob ng ating teritoryo.

Kinakaladkad ng mga ito ang ating bansa sa digmaan para lamang sa kanilang sariling pakinabang. Karatig ang

**Ang ALAB ang rebolusyonaryong pahayagan sa Isla ng Mindoro. Pinapatnugutan ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (Marxismo-Leninismo-Maoismo) sa Mindoro.**

**Para sa anumang katanungan, komento, kontribusyon o mungkahi, maaaring ugnayan ang patnugutan ng ALAB sa:**

**alabngdigmamindoro@gmail.com**

**@alabngdigmamindoro**

***Maaaring idownload ang kopya ng ALAB at iba pang rebolusyonaryong pahayagan sa www.cpp.ph***

isla ng Mindoro sa First Island Chain na gagawing pambala sa kanyon ng imperyalismong US sa pagputok ng digma laban sa China.

Nagbunsod ito ng militarisasyon at pagtuntong sa estratehikong posisyon sa isla, tulad ng pasilidad para sa BrahMos missile sa isla ng Lubang, Occidental Mindoro na pinaghihinalaang lihim na ginagawang base militar ng US.

Sa pagtindi ng gitgitan sa pagitan ng dalawang nag-uumpugang imperyalistang bayan, makasaysayan at malaki ang papel na gagampanan ng rebolusyonaryong kilusan sa isla upang mag-ambag sa pagtatanggol na bansa hindi lamang sa rehiyong Timog Katagalugan, kundi pati sa buong bansa at sa buong West Philippine Sea.

Ang 50 taon ng pagkilos ay nagbigay sa atin ng patunay sa kawastuhan ng programa ng NDFP kung saan rebolusyong agraryo ang pangunahing nilalaman.

Sa bandila ng programang ito, ilanpung libong ektaryang lupain ang napasakamay ng magsasaka at katutubong Mangyan dahil sa kampanyang paglalansag ng mga pastuhan at paglaban sa mga proyektong umaagaw ng kanilang mga lupain na pinundar at pinagyaman sa pawis at dugo. Binuhay nito ang natutulog na lakas ng nagkakaisang mamamayan.

Naging posible ang mga tagumpay na ito sa pinagsamang pagsisikap ng Partido, NPA at mga samahang masa ng magsasaka at katutubo na sinusuportahan ng mga panggitnang pwersa sa hanay ng panggitna at mayamang magsasaka, mga petiburgesya at ilang pambansang burgesya, naliliwanagang panginoong maylupa at lokal na lingkod bayan.

Nagbigay prestihiyo ang mga tagumpay na ito sa NDFP at naging inspirasyon upang higit pang isulong ang Pambansa-demokratikong programa. Nagbigay tulak ito sa higit na pagpapalawak ng pag-oorganisa sa iba pang bahagi ng isla.

Tinatamasa ng magsasaka, katutubo at mga sektor sa kanayunan ngayon ang pakinabang sa mga tagumpay na ito at nananatili sa kamay ng daang libong Mindoreñong magsasaka at katutubo ang malawak na agrikultural na lupain.

Ang mga lugar kung saan nakapangingibabaw o umiiral ang pulang kapangyarihan ay mga lugar din na tinatamasa ng mamamayan ang mga benepisyong hatid ng pagkakaisa at lakas ng mga organisadong pamayanan at nagbibigay ng mahusay na kondisyon upang maituon ang kanilang enerhiya sa paglutas ng batayang pangangailangan habang nagpapatuloy sa pakikibaka sa higit pang pagkokonsolida ng kanilang hanay.

Sa mga lugar na ito, ang mga organisasyong masa, ang NPA at gabay ng Partido Komunista ng Pilipinas ay




nagsisilbing patnubay at daluyan sa paglutas ng kanilang mga problema at mga sigalot at libreng serbisyong panlipunan na pinagtutulungang palitawin.

Sa pagdiriwang ng NDFP ng ika-50 taong pagkakakatatag nito, pumapasok tayo sa panibagong yugto sa ating rebolusyonaryong kasaysayan. Gamitin natin ang mga tagumpay at gînintuang aral bilang tuntungan upang lalong bigkisin at paigtingin ang pagkilos ng mamamayang Mindoreño sa ilalim ng bandila ng demokratikong rebolusyong bayan.

Marapat lamang na buong sigasig nating palawakin ang mga organisasyon ng mamamayan at isagawa ang mga kampanya upang makapag-ambag sa pambansang pakikibaka upang ibagsak ang pasistang paghahari ng rehimeng US-Marcos-Duterte.

Kasabay nito, kailangang gawin ang buong makakaya ng bawat alyadong organisasyon ng NDFP-Mindoro at lahat ng nagmamahal sa bayan na iambag ang pinakamahuhusay na anak ng bayan sa Bagong Hukbong Bayan. Sa pamamagitan nito, mabubuo natin ang pangunahing lakas sa pagsusulong ng armadong pakikibaka upang gawing posible ang pag-agaw sa kapangyarihang pampulitika mula sa kamay ng mga kaaway ng sambayanan.

Sa kasalukuyang nagaganap sa ating bayan, malinaw pa sa sikat ng araw ang kawastuhan ng pagsusulong ng dakilang pambansa-demokratikong rebolusyon. Sa ganito, lalu tayong nabibigyan ng inspirasyon at naitutulak na magpunyagi at mahigpit pang yakapin ang landas ng pagrerebolusyon! Tanging sa tagumpay lamang ng pambansa-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba natin makakamit ang isang malaya, masagana at makatarungang lipunan!

***Mabuhay ang ika-50 taong anibersaryo ng NDFP!***
***Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan!***
***Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas!***
***Mabuhay ang sambayanang Pilipino!***